

## Umiiral at binabalak na mga panukala sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi

### Obserbatoryo ng Hong Kong

Ang Obserbatoryo ng Hong Kong (HKO) ay naglalayong makapagbigay mataas na kalidad na serbisyong meterolohiko upang matugunan ang mga pangangailangan ng pangkalahatang publiko, pati na rin ang ibang espesyal na tagagamit kabilang ang sektor ng paglalakbay sa dagat at himpapawid. Binibigyan ng malaking halaga ng HKO na matiyak ang pantay-pantay na paglapit sa aming mga serbisyo ng mga miyembro ng publiko, anuman ang kanilang pinagmulang lahi.

- Mga Serbisyon May Kinalaman
- Ang HKO ay responsable sa (a) pagbibigay ng mga ulat ng panahon at pagbibigay ng mga babala sa mapanganib na panahon; (b) pagbibigay ng impormasyon sa antas ng radiation sa kapaligiran ng Hong Kong; at (c) pagpapanatili ng batayan sa oras ng Hong Kong at pagbibigay ng mga impormasyong geopisiko, oceanograpiko, astronomiko at klimatolohiko.
- Umiiral na Mga Panukala
- Impormasyon tungkol sa babala ng panahon ng HKO at mga magagamit na mga serbisyo sa websayt ng HKO sa dalawang opisyal na mga wika sa Hong Kong (i.e. Tsino at Ingles). Inilunsad din ang personalisadong websayt ng panahon upang magbigay ng pangunahing impormasyon tungkol sa panahon sa iba't ibang mga wika<sup>1</sup>.
  - Ang mga polyeto/libretong pang-impormasyon at kaalaman ay inilathala rin sa parehong opisyal na mga wika para sa pamamahagi sa pangkalahatang publiko. Dagdag pa, isinalin ng HKO ang tatlong polyeto tungkol sa babala ng panahon ([\*“Mga Hudyat ng Babala ng Hong Kong sa Tropikal na Bagyo”\*](#)<sup>2</sup>, [\*“Sistema ng Babala Tuwing May Rainstorm”\*](#)<sup>3</sup>, at [\*“Hudyat ng Malakas na Monsoon”\*](#)<sup>4</sup>) sa iba't ibang mga wika<sup>1</sup> na inupload sa websayt ng HKO.

---

<sup>1</sup> Kasama sa mga wika ang Hindi, Nepali, Urdu, Thai, Bahasa Indonesia, Tagalog, Punjabi, at Vietnamese

<sup>2</sup> Paglalathala Blg. 33

<sup>3</sup> Paglalathala Blg. 20

<sup>4</sup> Paglalathala Blg. 35

Pagtatasa ng  
Mga Gawain sa  
Hinaharap

- Pana-panahong susuriin ng HKO ang aming mga serbisyo, na may pananaw na tugunan ang mga pangangailangan ng mga taong magkakaibang lahi.

Mga  
Karagdagang  
Panukalang  
Ipinatupad/  
Ipatutupad

- Magbibigay ang HKO ng maraming polyeto/libreto sa babala ng panahon sa mga wika ng iba't ibang lahi sa mga darating na taon.
- Ang HKO ay mag-aayos ng mga gawaing pangkaalaman para sa mga taong magkakaibang lahi kung kinakailangan, tulad ng pagbisita sa HKO.

Para sa mga katanungan, mangyaring makipag-ugnay sa Assistant Departmental Secretary (General) 2 sa pamamagitan ng mga sumusunod na pamamaraan :-

Telepono : 2926 8039  
Fax : 2311 9448  
Email : mailbox@hko.gov.hk  
Koreo : Hong Kong Observatory  
134A Nathan Road  
Kowloon  
Hong Kong

**Ang Obserbatoryo ng Hong Kong  
Hunyo 2021**